# Mayor Joy B handang kolektahin ang 'green fund'

Nag-utos ang Commission on Audit sa Quezon City local government na kolektahin na ang P316 milyon plastic bag taxes mula sa retailers ng lungsod dahil ito ay public fund.

Agad na tumugon si QC Mayor Joy Belmonte na handa nilang kolektahin ang tinaguriang Green Fund mula sa mga retailers sa lungsod.

Kaya't hinikayat ni Belmonte ang QC Council sa pangunguna ni QC Vice Mayor Gian Sotto na amyendahan ang SP 2350 o ang Environment Protection and Waste Management Code ng QC upang maaksiyunan ang agarang pagkolekta at pag-audit sa naturang pondo.

Noong 2012, naipatupad ng QC government ang Ordinance No. SP-2140, o ang Plastic Bag Reduction Ordinance para sa pagkakaroon ng Plastic Recovery System Fee (PRSF) o "green fund" na gagamitin ng lokal na pamahalaan sa pro-environment programs ng lungsod.

Ang probisyon nito ay kaugnay ng City Ordinance No. SP-2350, o ang Quezon City Environment Code na naipatupad noong 2014.

Sa ilalim ng PRSF, ang mga supermarkets, department stores, grocery stores, fast-food chains at pharmacies ay pagbabayarin ng P2 kada plastic bag na maibebenta sa kanilang customers.

Layon ng QC Council sa pagkakaroon ng Green Fund na matuto ang mga consumers na iwasan na ang paggamit ng plastic at gamitin na lamang ay mga eco-bags sa pamimili sa mga establisimiento. ***-Angie dela Cruz-***

DISTRI